

Mahal naming mga Pamilya sa ASD,

Habang tayong lahat ay umaayos para sa bagong normal sa ating pamayanan, nagbabalik-tanaw tayo kung ano ang kahulugan ng pagtuturo ng lahat ng mga mag-aaral na magtagumpay sa buhay sa pahahong ito ng mga pagsasara ng paaralan, paghihiwalay ng sarili sa iba, at social distancing o pagpapanatili sa isang pisikal na distansya sa pakikipag-ugnay sa mga tao.

Ang aming mga dibisyon ng pagtuturo ay nasa huling yugto ng paghahanda sa paghatid ng mga pagkukunang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral, sa kakaiba at di kapangya-pangyaring panahong ito sa ating bansa.

Nauunawaan namin ang mga hamon na ibinibigay nito sa aming mga magulang, tagapagturo, at sa ating pamayanan. Ito ay napakalaking pananagutan sa mga nagsisikap na magtelework o magtrabaho mula sa bahay, panatilihin masaya at abala ang mga bata, tulungan sa kanilang gawaing pampaaralan, lutuin ang panghapunan, hugasan ang mga pinagkainan, pamahalaan ang sambahayan, at ang lahat ng mga kasama sa pag-aalaga sa inyong mga pamilya.

At iyan ay para lamang sa mga mapapalad na may trabaho ngayon. Marami ang nag-aalala kung ano ang kanilang kakainin at kung saan sila titira dahil sa pagkawala ng trabaho at kakulangan ng trabaho. Sa kadahilanang ito, magpapatuloy kaming magbigay ng serbisyo sa pagkain (sa mga itinalagang lugar at mga ruta ng bus sa buong pamayanan) habang nagsasagawa ng ligtas na paghawak at pamamahagi ng mga pagkain na may pag-apruba at paggabay ng aming pamunuang medikal.

At huwag kaligtaan ang ating iba pang tagapagturo – ang aming mga guro at kawaning pangsuporta – na nagtatrabaho mula sa bahay habang nagsasanay para sa isang bagong paraan ng pagtuturo, paglilikha ng mga aralin, pag-aaral ng bagong teknolohiya, na tulad ng lahat ng magulang, ay nagsusumikap na mapanatiling ligtas, abala, at masaya ang kani-kanilang mga anak.

Hinihiling ko sa lahat – mga guro, mga kawaning pangsuporta, mga magulang, mga mag-aaral, at ang ating pamayanan – na huminga ng malalim, magpahingalay, at alalahanin na ang pinakamahalagang prayoridad ay ang kaligtasan at katinuan ng ating pamayanan. Tandaan ninyong alagaan ang pisikal at mental na kalusugan ng inyong mga sarili at ng inyong mga pamilya. Maglakad-lakad sa labas, maghurno ng biskwit, o makipaglaro sa inyong mga anak. Kumunekta muli sa isang personal na antas sa inyong pamilya. Isang taon mula ngayon, hindi ninyo matatandaan ang isang yunit ng pagtuturo o gawain na natapos sa inyong pagtuturo o sa inyong online na kurso, o sa mga yunit ng pagtuturo na inyong itinuro sa inyong mga anak. Ngunit maaalala ninyo ang sandali na gumawa kayo ng taong yari sa niyebe o snowman sa inyong bakuran, o naglaro kayo ng inyong mga anak ng away-unan o pillow fight, habang tinuturuan sila ng pagpapanatili ng distansya sa pakikipag-ugnayan o social distancing. Maaalala ninyo ang hamon na dala ng pagbuo ng bagong mga gawain at pagkilalang muli ng inyong mga anak at pamilya.

Mangyaring bigyan ng parangal ang ating mga guro. Mga guro, bigyan ng parangal ang inyong mga sarili. Mga tagapagturo, magbigay ng parangal sa mga magulang. Mga mag-aaral, bigyan ng parangal ang inyong mga magulang habang sinusubukan nilang tawirin ang bagong pamantayan ng normal. Dapat nating alalahanin ang ating mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan na nasa harapan ng linya na tumutulong sa mga may isyu sa kalusugan.

Dito sa ASD, pananatilihin namin na ang mga senior ay nasa tamang landas upang magtapos at ang ating mga mag-aaral sa mataas na paaralan ay nagkakamit ng mga kredito. Kami'y magbibigay ng pandagdag na mga pang-edukasyon na gawain para sa lahat ng ating mga mag-aaral sa elementarya at panggitnang paaralan para sustinihan ang mga ito hanggang bumalik sa normal ang "paaralan", tulad ng nakasanayan natin. Hindi ito magiging perpekto. Ihahatid namin ito sa iba't-ibang yugto. Ang aming mga koponan sa pagtuturo at pagpapatakbo ay nagtatrabaho ng mahahabang oras, pitong araw sa isang lingo upang maghanda para sa isang bagong paraan ng pagsasagawa ng "paaralan."

Tandaan ninyong ngumiti sa inyong mga kapitbahay at mag-Facetime sa inyong mga kaibigan. Pagkalampas natin mula yugto ng pagkakahiwalay na ito, tayo'y magkakaroon ng bago at malalim na pakiramdam ng pasasalamat sa lahat ng mga serbisyong ibinibigay ng ating pamayanan para sa isa't-isa.

Salamat sa lahat na patuloy na nagsusumikap sa napakaraming mga bagong paraan. Lahat kayo ay ginagawa ang ASD na dakila!

Dr. Denna Bishop
Superintendente ng ASD